# BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 10 DAET, CAMARINES NORTE ABRIL 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com


## nasa loob


EDITORYAL 4
PIKTORYAL 7
Salamat Gob HELP column p 2


Ang isa sa mga potensyal na lugar panturismo ng lalawigan ng Camarines Norte ay ang Bagasbas Beach sa Brgy. Bagasbas, Daet, Camarines Norte. Dahil dito, karamihan sa paligsahan at gawain kaugnay sa anibersaryo ng lalawigan ay isinagawa roon.

Naging pangunahing atraksyon ng lalawigan ang Bagasbas Beach dahil sa maputi at pinong buhangin nito. Malalakas din ang hampas ng malalaking alon nito na kinagigiliwan ng mga *surfing enthusiasts* mula sa iba't-ibang lugar

(Sundan sa pahina 9)

# Mga paligsahan sa pagdiriwang ng 89th anibersaryo ng Camarines Norte at 5th Bantayog Festival idinaos sa Bagasbas Beach



# Search for 2009 Miss Bantayog

Pigil ang hininga ng mga manonood sa pag-aabang sa pag-anunsyo ng *host* na si John Santos sa kandidatang tatanghaling Miss Camarines Norte 2009.

Nangibabaw ang karisma, talento, ganda at talino ni Kriz Abegail Yaneza sa may labing-isa (11) pang kandidata nang koronahan siyang Miss Camarines Norte 2009 sa Search for Miss Camarines Norte/Miss Bantayog Festival 2009. Siya ang opisyal na kalahok ng pamahalaang lokal ng bayan ng Daet.

Si Yaneza ay tumanggap ng halagang P30,000.00, *sash*, tropeyo at isang yunit ng scooter bilang gantimpala. Ang korona ay inilipat sa kanya ni Bb. Maria Czarina Paita, Miss Camarines Norte 2008.

Tinanghal namang Miss Bantayog Festival 2009 si Justine Joyce delos Reyes ng bayan ng Basud na pinagkalooban ng premyong P20,000.00, *sash* at tropeyo. Isinalin sa kanya ni Bb. Abegail Marco ang korona bilang Miss Bantayog Festival 2008.

Nakuha rin ni delos Reyes ang titulong *Best in Swimsuit* at gantimpalang P5,000.00. Siya ang napili sa *preliminary screening* na una nang isinagawa sa Villa Mila Garden and Resort dito sa Daet.

Nakuha naman ni Jane Erica Rojo ng bayan ng Talisay ang korona para sa Miss Camarines

(Sundan sa pahina 9)



*Ang mga kandidata ng Search for Ms. Bantayog, Ms. Camarines Norte Tourism at Ms. Camarines Norte nang sila ay bumisita sa tahanan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. bilang bahagi ng kanilang promotional tour sa naturang pageant kaugnay ng selebrasyon ng 5th Bantayog Festival at 89th Foundation Anniversary ng lalawigan.*

# Paghahanda sa 89th CNorte Anniversary pinangunahan ni Gob. Typoco, Jr.


Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

Pinangunahan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang paghahanda ng mga angkop na gawain kaugnay sa selebrasyon dito ng ika-89 taong anibersaryo ng lalawigan ng Camarines Norte sa ilalim ng temang: *"Ang Turismo ay Oportunidad at Yaman ng Camarines Norte"*.

Kaugnay nito, ipinalabas kamakailan ng gobernador ang isang kaatasan na nagtatakda ng iba't-ibang aktibidad na isinagawa simulang Marso 20 hanggang Abril 15, 2009 na pawang nakasentro sa *5th Bantayog Festival*. Nakapaloob sa kaatasan ang komposisyon ng mga komitiba na nangangasiwa sa mga programa para matiyak na magiging maayos at sistematiko ang naturang panlalawigang selebrasyon.

Kabilang sa mga programang nakapaloob sa selebrasyon ay ang mga sumusunod:

Marso 20-Abril 15 - *Bantayog Family Entertainment Night*, Kalayaan Park, *Provincial Capitol*; Abril 1-15 – *Camarines Norte Visual Artists Association Group Art Exhibit*, at *Tourism Trade Fair*; Abril 1 – *Grand Festival Opening Parade*, 1:00 p.m.; *Socio-Civic Parade, Commemorative Mass, Bantayog Song Writing/Jingle Competition*; Abril 1-2 – MoTuristaV; Abril 2 – *Bantayog Jobs Fair*; Abril 2-3 – *Passporting and NBI Clearance*; Abril 3 – *Hard String (Battle of the Best Bands)*; Abril 4-5 – *Kapamilya Caravan (ABS-CBN Talent Variety Show)*, at Bagasbas *Surfing Fest Day 1*; Abril 5 –*2nd Bantayog Practical Shootfest*; Abril 6 – *Surfing Competition (Day 1), DLC/CAT and Military Parade and Competition (Elementary and High School)*, at *Tribute to Revolutionary Heroes* (Angkan at Lahi ng mga Bayani ng Daet); Abril 7 – *Surfing Competition Day 2*, at Sagalahan sa Bantayog; Abril 8–*Bantayog Airsoft*; Abril 8-9 - *RC flying airplane competition and exhibition*; Abril 12 –*Bantayog Marathon (10K, 5K and 3K)*, Bantayog *Cycling Tour* at Kaogmahan sa Bagasbas; Abril 13 – *pageant night, Miss Camarines Norte* at Mutya ng Bantayog; Abril 14 – *mural painting* at Bantayog *festival grand street dancing competition*, at; Abril 15 – Bantayog *Festival fireworks display* at *grand festival night*.

Samantala, ang *Bantayog Festival* ay isang panlalawigang *festival* na nakasentro sa monumento ni Gat Jose P. Rizal ó Unang Bantayog ni Gat Jose P. Rizal na itinayo ng mga taga-Camarines Norte bilang pagbibigay-pugay sa katapangan at kagitingan ng naturang pambansang bayani

Ang Bantayog ang kauna-unahang monumento sa mundo na naitayo bilang pagkilala sa kabayanihan ni Rizal. Itinayo ito sa Brgy. 3, Daet noong 1898 na sumisimbolo rin sa kagalngan, pagiging makaba-

(Sundan sa pahina 6)



## Salamat Gob HELP column

## Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Apr. | 1 | Mr. Antonio C. Subitado, Jr., member, Leo Club of Lions Club International for their youth camping activity on April 4-5, 2009 at Woodland, Calintaan, Talisay | P2,000.00 |
| | 7 | Vice-Mayor Brenda K. Salalima of Mercedes by Alex Vergara for their Easter Angel Project | 2,000.00 |
| | | Mr. Julio M. Ang, Referee of the BAP (Camarines Norte Chapter) for the conduct of the seminar and actual training of referees at PRISAA | 3,500.00 |
| | | Mr. Augusto E. Magana, 139-97, Chapter President of Kabalikat-Bikol-Daet Chapter for the OPLAN SUMVAC Motorist Assistance Project | 5,000.00 |
| | | Mr. Joel Gutierrez of Brgy. Oliva, Basud for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Ms. Zenaida Babagay, Brgy. Caawigan, Talisay, fare to Sisters of Mary, Silang, Cavite | 1,000.00 |
| | | PB Nelson Zabala, Apostle of St. Joseph, Husband of Mary Parish, Brgy. Alawihao, Daet | 2,000.00 |
| | | Ms. Nida Sarco-assemblies of God-Church, Daet for their activity | 1,000.00 |
| | | Gloria Navales of Brgy. Alawihao, Daet for burial assistance to Antonio Morales Navales | 1,000.00 |
| | 13 | Hashanahbelle S. Ibis, student of CNC for the YES Camp in Baguio City | 500.00 |
| | | Alona Q. Alarma of CNSC-BSBA Economics for her tuition fees | 2,390.00 |
| | | Noli F. Beralde for Bar Exam | 15,000.00 |
| | | Leonida P. Sanchez of Brgy. Lag-on, Daet for payment of hospital bills at Sta. Rita de Baclaran Hospital | 1,000.00 |
| | 14 | Eric Almadrones of Brgy. Tabas, Paracale fro a Summer Youth Encapment | 2,000.00 |
| | 15 | Arch Emerson S. Orcena, Prov'l Grand Skeptron, CN Council of Alpha Kappa Rho for First Summer Babes & Hunks Bikini Open 2009 | 1,000.00 |
| | | Mr. Anthony A. Boribor, GPTCA President of San Felipe Elem. School for their First Grand Alumni Homecoming activity | 2,000.00 |
| | | Mr. Jason del Barrio of Brgy. Cobangbang, Daet for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Ms. Marielle Jay A. Salva SK Chairwoman of Brgy. Cahabaan, Talisay for a basketball tournament | 1,000.00 |
| | | Ms. Norma Avellana of Daet Outreach-Brotherhood for Christian Businessmen & Professionals for its 29th National Anniversary Celebration | 1,000.00 |
| | 20 | Mr. Gerry Concepcion of Purok 5, Brgy. IV, Daet for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Mr. Francisco Libria of Purok 5, Brgy. IV, Daet for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Ms. Natalia I. Omaña of Brgy. Cobangbang, Daet for a Pa-bingo activity | 2,000.00 |
| | | Mr. Earl M. Akins II for 2009 Bagasbas Beach Billiards Tournament | 5,000.00 |
| | | Ms. Sarah Cestina of San Isidro Elem. School, Talisay for the participants to the Palarong Pambansa | 1,000.00 |
| | 22 | Miguel Cabague, Jr., Purok Guyabano President of Brgy. Gubat for a basketball tournament | 500.00 |
| | 24 | Lydia Mabesa Committee Chairman of SOLABC for their activity | 3,000.00 |
| | | Welkins Era of Brgy. Batobalani and CNSC for his tuition fee (Summer Class) | 1,640.00 |
| | 28 | Elena L. Velasco, Chairman on Sta. Cruzan International Karate Federation for their graduation ceremony | 1,000.00 |
| | | Jerecson Ramos of San Raphael, the Archangel Parish, Basud for their youth day | 1,000.00 |
| | | Mr. Erwin Sendon, Team Captain of Brgy. 2, Poblacion, Vinzons for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Jose B. Cabanes for Gina Racelis for sponsorship to a souvenir program during the 4th PAGSO National Convention | 3,000.00 |
| | | **TOTAL** | **P77,030.00** |

# MATPAI nagbahagi ng kaalaman ukol sa pagtatanim ng 'tiger grass'


Engr. Leopoldo P. Badiola
EERMD Chief

"Maraming salamat sa pamunuan at mga kasapi ng *Matacong Agro-Tree Planters' Association, Inc. (MATPAI) sa kanilang walang pag-aatubiling pagbabahagi sa aming mga taga Aguit-it, Vinzons ng mga kaalaman tungkol sa pagtatanim ng tiger grass gayundin ang paggawa ng walis tambo mula rito*".

Ito ang masayang pahayag ni Clarita S. Lagones, pangulo ng Bagong Pag-asa sa Aguit-it *Association, Inc. (BPAAI)* sa isang maikling programang idinaos sa *Resettlement Area*, Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz noong Abril 27, 2009 kaugnay ng kanilang isang araw na *cross visit* sa nabanggit na lugar.

Ilang taniman naman ng *tiger grass* ng mga kasapi ng *MATPAI* sa *resettlement area* ang binisita ng mga kasapi ng BPAAI. Bakas man sa kanilang mukha ang pagod sa paglalakad sa mga matatarik na kabundukan, naroon pa rin ang kanilang pagnanais at sigla na makita ang mga nasabing taniman at malaman ang tamang pagtatanim ng nasabing halamang damo.

Matapos ang pagbibisita sa *farm lots*, iti-

*(Sundan sa pahina 6)*






***Kaliwang larawan:* Si G. Gonzalo Binay, EERMD, habang nakikibahagi ng kaalaman sa pagtatanim ng 'tiger grass'; Kanang larawan: Mga kasapi ng BPAAI habang bumibisita sa pataniman ng 'tiger grass.***

# Automatic Weather Monitoring Station sa CNorte kauna-unahan sa Bicol



Ang Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagugnayan sa *Bureau of Soils and Water Management (BSWM)* sa pamamagitan ng *Water Resources Management Division (WRMD)*, Manila ay naglagay sa Camarines Norte ng isang *agro-meteorological station* na magbibigay ng impormasyon ukol sa ulan, temperatura, direksyon ng hangin at iba pang aspetong kaugnay nito na kinakailangan sa pagsasagawa ng planong pang-agrikultura, disenyo sa proyektong patubig at magsisilbing babala sa maaaring pagbaha lalo na sa mababang lugar.

Dahilan sa ang *BSWM* ay nabigyan ng pondo mula sa *Asian Disaster Reduction Center (ADRC)*, bumili ito ng *automatic weather monitoring equipment* upang ilagay sa ilang lugar sa Luzon, Visayas at Mindanao.

Kaugnay nito, ang mga pamahalaang lokal sa bansa na nagpakita ng interes na magkaroon ng nabanggit na kagamitan at nakalaang magbigay ng kabahagi ang siyang naging prayoridad na mapagkalooban nito at kabilang na rito ang lalawigan ng Camarines Norte.

Kasunod nito, nagsagawa ng *site selection* at *validation* ang kinauukulang *BSWM expert* kung saan ang bayan ng Labo ay nakapasa sa mga panuntu-

*(Sundan sa pahina 6)*

# Kapamilya Caravan

Inabangan ng ating mga kababayan mula sa iba't-ibang panig ng lalawigan ang Kapamilya *Caravan (ABS--CBN Talent Variety Show)*, isa sa mga tampok na aktibidad sa selebrasyon dito ng ika-89 taong anibersaryo ng lalawigan ng Camarines Norte na nakasentro sa *5th Bantayog Festival*.

Napawi ang kanilang pagod nang personal nilang makita ang mga *Pinoy Dream Academy (PDA) winners* na sina Ronnie Liang at Liezl Garcia. Humanga sila sa magandang tinig at mahusay na pag-awit ng dalawa (2) na nabanggit na mga hinahangaang mang-aawit ng bansa. Nakasama nina Ronnie at Liezl sa pagtatanghal sa naturang *caravan* ang mga *main-stays* ng "Mag-*TV* na Oragon" na sina Brenda Lee at DJ.

Napapasabay rin ang karamihan sa pagawit at pag-indak ng mga Kapamilya *stars* at, napapatili pa ang iba sa paghanga sa kagwapuhan at ganda ng mga panauhing nagtanghal lalo na sa kina Ronnie at Liezl. Mas nalubos ang kasiyahan ng ilan nating

*(Sundan sa pahina 9)*



***Ang Kapamilya caravan ng ABS-CBN na isinagawa sa Freedom Park ng kapitolyo at isa sa mga aktibidad ng 5th Bantayog Festival kung saan dumating ang kanilang talent na sina Ronnie Liang at Liezel Garcia na mga dating Pinoy Dream Academy Scholars ng ABS-CBN.***




EDITORYAL

# RA 9344 – Kinakailangang maayos at istriktong maipatupad

Simula nang maaprubahan noong ika-28 ng Abril 2006 ng Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang Republic Act 9344 ó "*Juvenile Justice & Welfare Act of 2006*", kaliwa't kanan na ang mga pagbabatikos dito ng ilang mamamayan.

Kung tutuusin ito ay isang "*landmark*" sa hanay ng mga isinagawang batas na iniakda ni Senador Francisco "Kiko" Pangilinan sapagka't sa kabila nang pagiging isang kapirasong lehislasyon lamang, tinutugunan nito ang kapakanan ng libong mga kabataang nakukulong kasama ng mga may edad na mga kriminal. Kinikilala sa batas na ito na ang mga batang sangkot sa krimen ay mga biktima rin dahilan sa mga sirkumstansya na sa kanilang murang gulang pa lamang, sila ay naliligiran ng mga dispalinghadong mga magulang, masamang impluwensya ng barkada, mga bisyong matatanda ang nagsusulong para sa sariling kapakinabangan at isinasaisantabi ang dulot nitong mga peligro sa kabataan tulad ng droga, sigarilyo, alak, masasamang pelikula at babasahin, internet cafes, mga hindi kanais-nais na libangan, kung saan ang lahat nang ito ay may negatibong epekto na nag-uudyok sa bata sa mga maling gawain.

Sa kabila ng magandang layunin ng nasabing batas, bakit hanggang ngayon parang hindi pa rin ito maayos na naipatutupad? *In place* na ba ang sistema ng "*restorative justice*" na layunin ng batas? Bakit mas lalo yatang dumarami ang mga kabataang paulit-ulit na nalilihis ng landas? Bakit iba't iba ang pamamaraang isinasagawa, kung meron man, ng mga ahensya at lokal na pamahalaang naatasang magsakatuparan nito? Handa ba ang ating lokal na pamahalaan para rito? Kumikilos ba sila? Sapat ba ang pagpapalaganap dito? Sinimulan na ba ang maayos at matinong pagpapatupad nito, upang masabi nating ang batas na ito ay mali ó isang *failure* at dapat nang baguhin?

Hangga't ang lahat ng may mandatong magbigay ng tamang serbisyo ay hindi seryoso sa dapat nilang gawin, ang kahit anupamang batas ay di magkakaroon ng katinuan at mababale-wala lamang.

# Marinduque Vice Gov. Pizarro at Sanggunian, malugod na tinanggap ni Gob. Typoco, Jr.

Sa pangunguna ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr., malugod na tinanggap ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang Sangguniang Panlalawigan ng Marinduque na pinamumunuan ni Bise Gobernador Tomas N. Pizarro.

Ang naturang grupo ay dumalaw sa lalawigan noong Abril 22, 2009 bilang bahagi ng kanilang *study tour* at *comparative analysis on local development initiatives, projects and programs* sa Rehiyong Bikol.





Isinagawa nila ang nasabing lakbay-aral sa layuning makakalap ng mga impormasyon at pag-aaral ukol sa ordinansa ng ibang lalawigan sa bansa partikular na sa Rehiyong Bikol kung saan ang Camarines Norte ang isa sa mga lalawigan nito. Ang mga resolusyon at ordinansang nagawa at naipatupad ng mga pamahalaang lokal sa Bicolandia ay ihahambing nila sa mga resolusyong ginawa nila. Ang mga ordinansa at resolusyon ay pag-aaralan nila at gagawing huwaran sa pagbuo ng kahalintulad na resolusyon na iaakma nila sa mga pangangailangan ng kanilang mga nasasakupan. Inaasahan din nila na makapagmumukna sila ng mga resolusyon at ordinansa na matutukoy na akma at makatutulong sa paggawa nila ng mga polisiya para makapagbalangkas ng mas maayos na pamahalaan, at makapagbigay ng karagdagang serbisyo-publiko.

Binigyan din ni Gob. Typoco, Jr. ng isang masaganang salu-salo ang grupo ni VM Pizarro bilang pagpapakita nito ng magiliw na pagtanggap at pasasalamat sa pagdalaw ng grupo sa lalawigan.

Sinamahan din ni Gob. Typoco, Jr. si Bise Gobernador Pizarro at ang grupo nito sa kanilang pagbisita sa pamahalaang bayan ng Labo na pinamumunuan ni Mayor Wenifredo B. Oco.

Ipinaabot naman ni Bise Gob. Pizarro ang kanilang lubos na pasasalamat kay Gob. Typoco, Jr. na nagbigay ng mainit na pagtanggap sa kanila. - ***L. T. Ibasco***



*Ang pagbisita ng Sangguniang Panlalawigan ng Marinduque sa pangunguna ni Bise-Gobernador Tomas N. Pizarro dito sa lalawigan kaugnay ng kanilang Bikol Tour 2009. Tinanggap sila sa tanggapan ni Gob. Typoco, Jr. at bumisita rin sila sa bayan ng Labo na siyang naghost ng lunch para sa grupo at pagkatapos ay dumiretso ang mga ito sa Paracale upang bisitahin ang isang mining site doon.*

PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL
BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports– Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O. —Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism-Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Motorcycle enthusiasts mula sa iba't-ibang panig ng bansa sumali sa MoTurista V



**Edgardo 'Boy' Reyes**
***Tourism Officer-Designate***

Tinatayang humigit-kumulang sa dalawandaang (200) *motorcycle enthusiasts* mula sa iba't-ibang panig ng bansa ang nagtungo sa lalawigan at lumahok sa MoTurista V. Ito ay isang *motorshow* kung saan dumadayo sila rito sa Camarines Norte hindi lamang para sumali sa kumpetisyon kundi para bisitahin ang mga potensyal na lugar-panturismo rito.

Isinagawa ito noong Abril 1, 2 at 5, 2009 sa Bagasbas Pavillion, Daet, Camarines Norte kaugnay pa rin sa selebrasyon ng ika-89 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Lalawigan ng Camarines Norte at *5th Bantayog Festival* na nakatuon sa temang, "**A**ng **T**urismo ay **O**portunidad at **Y**aman ng Camarines Norte".

Ang naturang paligsahan ay may dalawang (2) kategorya, ang *tricycle category* at ang *motorcycle category*. Ito ay pinamahalaan ng *X3m Riders Association* sa pakikipag-ugnayan sa *Provincial Tourism Office* na siyang punong-abala sa dalawang (2) selebrasyon na magkasabay na isinasagawa taun-taon.

Sa unang kategorya, nakuha ni Ramil Broqueza ng Daet, Camarines Norte ang unang puwesto at premyong P5,000.00. Pumangalawa kay Broqueza si Aries Abcede mula pa rin sa bayan ng Daet na tumanggap ng gantimpalang P3,000.00; at ang ikatlong puwesto naman ay nasungkit ni Romulo Villareal na naiuwi ang premyong P1,000.00.

Ang unang puwesto naman para sa *motorcycle category* ay nasungkit ni Hemie Malaluan ng Daet gayundin ang gantimpalang P5,000.00. Tinanggap naman ni Joseph Matucad ang premyong P3,000.00 na nakuha ang ikalawang puwesto; at P1,000.00 naman ang naiuwi ni Jerson Gardel na naiuwi ang ikatlong puwesto.



Ang ginamit na pamantayan ng mga hurado na sina Jimbet Dames, Bingle Serrano at Jaybee Valeros para sa dalawang kategorya ay ang mga sumusunod: *Best in Paint* – 30% (*quality of paint*-10%, *over-all appearance*-5% at *best in modified*-35%); *Best Modified* - 35% (*uniqueness* – 15%, *running condition* – 10% at *over-all appearance*-10%); at *Best in Dress-Up* – 35% (*quality of accessories* -5%, *suitable accessories*-10%, *distinctiveness*-10%, at *over-all appearance*-

(Sundan sa pahina 9)

# Civic-military parade, iba pa tampok sa 89th founding anniversary at 5th Bantayog Festival sa CN

Simple ngunit makabuluhan ang mga programang isinagawa noong Abril 1, 2009 sa pagsisimula ng selebrasyon dito ng ika-89 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Lalawigan ng Camarines Norte na magtatapos sa Abril 15, 2009. Ang mga aktibidad na nakapaloob sa 2-linggong selebrasyon ay nakasentro sa *5th BANTAYOG Festival*.

Ito ay sinimulan sa pamamagitan ng flag raising ceremony sa Rizal Park (Morga) sa ganap na ika-8 ng






umaga na dinaluhan ng mga matataas na opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan. Sinundan ito ng isang banal na misa sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)* kung saan naging *mass celebrant* si *Rev. Father* Jose Julian ng *Divine Mercy Parish*, Brgy. Alawihao, Daet, Camarines Norte.

Isinagawa naman sa dakong hapon ang *grand festival* at *socio-civic military parade* kung saan nakiisa ang mga matataas na opisyal ng pamahalaang panlalawigan, pamahalaang bayan, pambansang ahensya at tanggapan, mga samahang pansibiko, mga mag-aaral mula sa bayan ng Daet, at iba pa.

Naging tampok na aktibidad din sa naturang araw ang *Song Writing/Bantayog Jingle Competition* na ginanap sa Kalayaan *Park*

(Sundan sa pahina 6)

# List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| Admin. Officer IV (Administrative Officer II) | 7012 | 15 | | | Provincial Engineer's Office | Bachelor's Degree | One (1) year of relevant experience | Four (4) hours of relevant training | C.S. Professional | |
| Administrative Assistant III (Senior Bookkeeper) | 5510 | 9 | | | Capalonga Medicare Community Hospital | Completion of two (2) years studies in college | One (1) year of relevant experience | Four (4) hours of relevant training | C.S. Subprofessional | |
| Administrative Aide III (Clerk) | 4023 | 3 | | 1 | Provincial Health Office | Completion of two (2) year studies in college | None Required | None Required | C.S. Subprofessional | |

## MATPAI ...

(Mula sa pahina 3)
nuro rin ng mga kasapi ng *MATPAI* sa grupong bumisita ang tamang pag-iimbak ng mga inaning *tiger grass* at paggawa ng nasabing walis tambo sa pamamagitan ng aktwal na pagtatali at pagtatahi ng walis tambo gamit ang iba pang materyales nito.

Taglay ang bagong kaalaman sa paggawa ng nabanggit na produkto, umuwi ang grupo na may malaking pag-asa na ang pagtatanim ng *tiger grass* sa kanilang barangay sa Aguit-it ay makatutulong din ng malaki sa pag-unlad ng kanilang kabuhayan sa hinaharap.

Ang nasabing *cross visit* ay isinagawa kaugnay sa implementasyon ng *Sustainable Upland Management Strategy Project (SUMSP)* na ipinatutupad ng Pamahalaang Panlalawigan sa Brgy. Aguit-it, Vinzons sa pamamagitan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division-Office of the Governor (EERMD-G.O.).* – GCB

## Civic military parade ...

(Mula sa pahina 5)
sa ganap na ika-7 ng gabi kung saan nagbigay ng *opening remarks* si *Provincial Tourism Officer-Designate* Edgardo R. Reyes.

Nakuha ng *FMS and Friends Company* ang unang puwesto sa patimpalak gayundin ang halagang P20,000.00, tropeyo at sertipiko bilang mga gantimpala. Ang naturang grupo ay pinangungunahan ni May Fernandez. Ang kanilang likhang awitin na may titulong 'Sa Bantayog Makisaya' ang gagamiting *carrier song* sa promosyon ng Bantayog *Festival* at siya ring patutugtugin /gagamitin ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa iba't-ibang angkop na aktibidad nito.

Pumangalawa rito ang *JJ Duo and Company* na tumanggap ng premyong P15,000.00, tropeyo at sertipiko sa pamumuno ni Vilma Lausin.

Ang grupo ng inampalan na pumili ng mga nanalo ay kinabibilangan nina Ronald Dolor ng *CNSC Choral Group*, Neil Delfinado, at Robert Balane, *musical director* na nakabase sa Manila. Ang ginamit nilang pamantayan sa pagpili ay ang mga susunod: *melody* – 30%; *lyrics* – 30%; *musicianship* – 25%; at *over-all impact* – 15% na may kabuuang 100%.

Naging punong tagapangasiwa naman sa naturang paligsahan si Mariano Balane ng *Provincial Tourism Office*.

Inaasahan naman ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. na sa pamamagitan ng pagtugtog ng naturang awitin sa iba't-ibang aktibidad at angkop na okasyon sa loob at labas ng ating lalawigan, mas mapapabantog ang ating Bantayog *Festival* gayundin ang mga *tourist destinations* dito.

Una sa mga nabanggit, nagkaroon ng *pre-launching* ng Bantayog *Festival 2009* noong Marso 30, 2009 sa ganap na ika-8 ng umaga sa *Rizal Park*. **LT IBASCO**

## Automatic weather ...

(Mula sa pahina 3)
nan nito. Batay rito, ipinasa kamakailan ng Sangguniang Bayan ng Labo ang Resolusyon Blg. 245-2008 na nagbibigay ng karapatan kay Mayor Winifredo B. Oco na irepresenta ang pamahalaang lokal ng Labo at unawain ang mga obligasyon nito bilang benepisaryo ng proyekto bago lumagda sa *Memorandum of Agreement (MOA)* kaugnay nito.

Kabilang sa mga lumagda sa kasunduan sina Dr. Silvino Q. Tejada ng *BSWM* at si Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. na binigyan ng karapatan ng Sangguniang Panlalawigan na kumatawan sa Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte.

Nakasaad sa *MOA* na kanilang nilagdaan ang obligasyon ng mga tanggapan na kanilang kinakatawan. Sa ilalim nito, ang pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* ay kailangang maglagay ng *monitoring officer* na siyang magbibigay ng mga angkop na ulat araw-araw, paglalaan ng badyet para sa pagmamantini ng naturang kagamitan at pakikipag-ugnayan sa *BSWM* ukol sa kalagayan ng *weather monitoring equipment*.

Ayon kay Gng. Marilyn C. Puatu, ng Crops Division-OPAg, inilagay ang naturang *weather monitoring equipment* noong Abril 25, 2009 sa Brgy. Masalong, Labo, Camarines Norte. Idinagdag nito na ang iba pang tulong na natanggap ng lalawigan mula sa *BSWM* ay ang libreng *trichoderma* na ipinamahagi kamakailan sa mga magsasaka sa ilalim ng programang *Sustainable Agricultural Development Project*; at, isang *shredder machine* para naman sa *organic production* na isinasagawa ng mga *project leaders mula sa OPAG* na sina Puatu at Manuel B. del Rosario. ***MELINDA L. JEREZ***

## Paghahanda ...

(Mula sa pahina 2)
yan at matiim na pagmamahal sa kalayaan ng mga mamamayan dito.

Samantala, ang pinakaaabangang aktibidad sa anibersaryo ng lalawigan ay ang *Bantayog Festival Grand Street Dancing Competition* kung saan itinatampok ng mga kalahok na bayan ang kanikaniyang *festival* na sumasalamin sa kanilang kultura, tradisyon at paniniwala.

Patuloy na itinataguyod ng administrasyon ni Gob. Typoco ang Bantayog *Festival* upang maitimo sa puso't diwa ng mga mamamayan ang kahalagahan ng Unang Bantayog ni Rizal at lahat ng bagay na isinisimbolo nito upang ang nasabing istrukturang bato ay hindi maging malamig na alaala na lamang ng kasaysayan kundi isang malakas na pwersang magbubuklod sa lahat para maisulong ang mga programa at proyektong pangkaunlaran na ipinatutupad ng iba't-ibang sangay ng pamahalaan. ***LT IBASCO***

## CNorte Grand ...

(Mula sa pahina 10)
Pinaningning ng makukulay na kasuotan ng mga kasali sa kumpetisyon ang naturang parada na dumaan sa mga pangunahing kalsada sa *downtown* Daet at saka nagtungo sa *Provincial Capitol Grounds* kung saan nagpaligsahan ang mga kalahok na bayan.

Nasulit naman ang pagod at matiyagang paghihintay ng ating mga kababayan nang magsimula nang mag-*perform* ang may 6 na kalahok sa naturang kumpetisyon. Napapasabay rin ang ilan sa pag-indak at masiglang paggalaw at/o pagsayaw ng mga *performers* sa saliw ng masiglang ritmo ng kanikanilang tugtugin. Mas tumingkad ang kani-lang *performances* dahil sa mapalamuti nilang kasuotan gayundin ang kanilang mga *props* na may kakaibang mga disenyo.

Sa pamamagitan ng *street dancing competition,* ipinakita ng bawa't kalahok na bayan ang kanikanilang kultura at tradisyon na kakaiba at namumukod-tangi sa iba.

Kaugnay pa rin nito, nagpakitang-gilas na muli ang bayan ng Capalonga nang makuha nito ang kampeonato sa *street dancing competition* ngayong taon. Tinanggap nito ang gantimpalang P70,000.00 bilang *Grand Provincial Champion* Matatandaan din na ang Capalonga ay hindi sumali sa kumpetisyon noong 2008 sapagkat tinanghal itong *Hall of Famer* noong 2007. Ito ay bunsod ng tatlong (3) magkakasunod na taong pagkapanalo nito ng unang puwesto sa naturang kumpetisyon simula 2005 hanggang 2007.

Samantala, nakuha naman ng bayan ng Basud ang ikalawang puwesto at premyong P50,000.00. Pumangatlo naman ang bayan ng Paracale na naiuwi ang gantimpalang P30,000.00.

Ang tatlong (3) *minor awards* ngayong taon ay pinaghatian din ng mga bayan ng Capalonga, Basud at Paracale. Nasungkit ng bayan ng Capalonga ang titulong *Best in Choreography* at tinanggap ang premyong P5,000.00. Naiuwi ng bayan ng Paracale ang titulong *Best in Costume* at *Best in Props* naman ang nakuha ng bayan ng Basud. Pinagkalooban din sila ng mga kaukulang gantimpala.

Pinangunahan ni Mr. Nilo Agustin ang pag-anunsyo sa mga nanalo sa




*street dancing competition* bilang *chairman* ng *board of judges*. Nakasama niya sa grupo ng inampalan sina Rodel Fronda at Jun Generoso.

Samantala, sa programang isinagawa kaugnay ng *grand street dancing parade and competition* nagbigay ng *opening remarks* si *Provincial Tourism Officer-Designate* Edgardo 'Boy' Reyes, at mensahe naman mula kina *Regional Director* Maria "Nene" Ong-Ravanilla ng *Department of Tourism (DOT) Region V* at Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

Pinangunahan naman ni Benjamin Nebres III ang pagpapakilala sa nabanggit na grupo ng inampalan at ang paglalahad ng mga pamantayan sa pagpili sa mga katangi-tanging kalahok na kinabibilangan ng: *artistic factor* na may bigat na 20%, *technical factor* – 35%, *over-all impact* – 20% at *moving choreography* – 35% ó kabuuang 100%.

Ipinaabot ng gobernador ang taus-puso nitong pasasalamat sa lahat na mga indibidwal, grupo, pamahalaang lokal at pambansang ahensya sa lalawigan na aktibong nakiisa at tumulong para maging matagumpay ang naturang okasyon. ***LT IBASCO***

# Mga piling larawan



*1) Kumakaway si Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa mga dumadaang kalahok sa isinagawang Civic Military parade bilang hudyat ng pagbubukas ng 5th Bantayog Festival at 89th Foundation Anniversary ng lalawigan, kasama niya rito sina PD Emmanuel Talento, Mayor Edgar Ramores ng San Lorenzo Ruiz, Mayor Jojo Quinones ng Basud, Provincial Administrator Nap Malaluan at SP Member Jonah Pimentel; 2) Si Gob Typoco nang bumisita siya sa Trade Fair sa Bagasbas kasama si Provincial Tourism Officer-Designate Boy Reyes kaugnay ng mga aktibidad sa Kaogmahan sa Bagasbas; 3) Pinangunahan ni DOT Regional Director Maria O. Ravanila ang pagbubukas ng kompetisyon sa Street Dancing katuwang niya rito si Edgardo 'Boy' Reyes; 4) Ang mga itinanghal na Ms. Camarines Norte Tourism, Ms. Camarines Norte, at Ms. Bantayog na sina Jane Erica Rojo ng Talisay, Kriz Abegail Yaneza ng Daet at Justine Joyce delos Reyes ng Basud; 5) Ang Sagalahan sa Bantayog 2009 kung saan itinampok muli ang mga disenyo ni Mark Gil A. Zamudio na tubong Paracale, na nilahukan naman ng ilang naggagandahang dilag dito sa lalawigan, kasama rito ang organizing committee at ilang staff ni Gob. Jesus O. Typoco na miyembro rin ng komitibang ito.*




2



3



4




5



# DLC, CAT Fancy Drill competitions isinagawa

Humugos ang mga tao sa Camarines Norte Provincial Capitol Grounds na mula pa sa iba't-ibang bayan ng lalawigan na sumaksi sa performances ng mga kalahok sa Drum and Lyre Corps (DLC) at CAT Fancy Drill Competitions na magkasunod na isinagawa kamakailan sa Provincial Capitol Grounds, Provincial Capitol, Daet, Camarines Norte.

Sa elementary level, tinanghal na kampeon ang Basud Elementary School na naiuwi ang premyong P10,000.00, pumangalawa rito ang Labo Elementary School na tumanggap ng gantimpalang P7,000.00, at nakuha naman ng Daet Elementary School ang ikatlong puwesto at premyong P5,000.00.

Ang unang puwesto naman para sa DLC competition (secondary level) ay nakuha ng San Roque National High School ng Brgy. San Roque, Mercedes gayundin ang gantimpalang P10,000.00. Napanalunan naman ng San Lazaro Cabezudo High School ang halagang P7,000.00 nang

*(Sundan sa pahina 9)*



# PTAS ng Pasacao CSur kampeon sa CNorte Airsoft Competition 2009

Naiuwi ng Pasacao *Tigers Airsoft Squad (PTAS)* ang unang puwesto at premyong P10,000.00 sa BANTAYOG *Airsoft Competition (National Open)* na isinagawa noong Abril 8, 2009 sa *Camarines Norte State College (CNSC) Main Campus.* Ito ang nangibabaw sa mga kalahok na grupong nagmula pa sa iba't-ibang panig ng bansa.

Kasama rin nitong nanalo ang *Airsoft Tactical Corps (ATAC)* at ang *Blackhawk Airsoft Assault Squad (BATAS),* na nakuha ang ikalawa at ikatlong puwesto kasama na ang gantimpalang tig-P7,000.00 at P5,000.00, ayon sa pagkakasunod.

Ang mga nanalo sa kumpetisyon ay pinili base sa mga sumusunod na pamantayan: *planning/ preparedness* - 10%, *originality* – 20%, *interface with audience* – 20%, *quality of performance* – 20%, at *presentation* – 20% na may kabuuang 100%.

Pinangasiwaan ng grupo ng inampalan na binubuo nina Rodel Llovit, Crispin Rayos at Daryl Gumabao ang pagpili sa mga nanalo alinsunod sa nabanggit na pamantayan.

Samantala, ang *airsoft* ay nilalaro gamit ang tunay na replikang baril na binabalahan ng *ball bearings*. Ito ay isang laro na panggrupuhan at karaniwang kinahihiligan ng mga magkakaibigan o magkakatrabaho, kalalakehan o kababaehan man. Dahil dito, mas nagiging matatag ang samahan at mas gumaganda ang relasyon sa pagitan ng mga miyembro ng bawat grupo. Nabubuo rin nito ang *teamwork* ng bawat grupo dahil natututuhan nilang kumilos na may koordinasyon at pagkakaisa.

Itinuturing din na *honesty game* ang *airsoft* sapagkat ang baril na ginagamit dito ay walang naiiwang bakas sa taong tinamaan ng plastik na bala nito at ang kusang pag-amin lamang ng mga manlalarong tinamaan ang nagiging basehan sa puntos ng magkakatunggaling grupo. Ito ay kakaiba mula sa dating *paint ball* na nagbibigay-marka sa manlalaro sa sandaling matamaan ng baril.

Ang naging pangkalahatang tagapangasiwa ng airsoft competition ngayong taon ay sina *SM* Danilo 'Deo' N. Trinidad ng Radyo ng Bayan, at Jerome Omaña, isa sa mga *staff* ng Tanggapan ng Gobernador - ***LT Ibasco***







## Search for 2009 Miss...

(Mula sa pahina 1)
Norte Tourism 2009 kasama ang premyong P10,000.00, sash at tropeyo. ayon sa pagkakasunod. Naiuwi rin ni Rojo ang titulong Best in Festival Costume at kaukulang premyo. Ang titulo ay inilipat sa kanya ni Bb.Angel May Garcia Villafuerte, Miss Camarines Norte Tourism 2008.

Kasama nilang nanalo si Precious M. Hernandez ng bayan ng Sta. Elena na tinanghal na Miss Photogenic. Siya ang napili ng Apple's Studio na official photographer ng Search for Miss Camarines Norte 2009 na isa rin sa mga isponsor ng patimpalak.

Tinanghal namang Miss Congeniality si Nadia Elegoyo ng Holiday Homes Subdivision, Brgy. Lag-on, Daet. Siya ang nakakuha ng pinakamataas na boto mula sa kanyang mga kapwa-kandidata kasunod ng botohan na isinagawa kaugnay nito.

Si Kris Olivette Rañeses naman ng Brgy. San Francisco, Labo ang pinangalanan bilang Darling of the Press dahil sa magiliw at mahusay niyang pagsagot sa katanungan ng mga miyembro ng print at broadcast media sa press conference na una nang isinagawa bago ang grand pageant night noong Abril 14.

Nakuha naman ni Krean Abordo ng Brgy. Bagasbas, Daet ang titulong Best in Gown.

Mula sa mga costume designers na nagpakita ng kani-kanilang disenyong kasuotan, namukod-tangi ang mga likha ni Renato Egar kaya ito ang nagwagi sa espesyal na kategoryang Best in Festival Costume Designer.

Ang mga nanalo sa patimpalak ay pinili base sa kanilang beauty factor na may bigat na 40%; intelligence – 30%; stage factor – 20%, at; candidate's x-factor - 10% o kabuuang 100%.

Naging mga hurado naman dito sina Maribeth Lim-Ong na businesswoman mula sa Naga City; Winnie Trinquillo; Gabz del Rosario; Mark de Leon; Sheena Chong Banalim; Michael Banua; at, si Ronald Mendoza na siyang naging punong inampalan.

Samantala, ang iba pang opisyal na kandidata ng mga kaukulang pamahalaang bayan dito ay sina: Precious M. Hernandez - Sta. Elena; Lyka A. Rangasa - Brgy. San Isidro, Daet; Analyn Joy H. Bacuño - San Lorenzo Ruiz; Jessica Nava - Paracale, at; Sheena de Guzman - Vinzons.

Isinagawa ang naturang patimpalak noong Abril 13, 2009 sa Camarines Norte Agro-Sports Center, Provincial Capitol, Daet, Camarines Norte. Ito ang isa sa mga pangunahing aktibidad na isinagawa kaugnay sa selebrasyon dito ng ika-89 taong anibersaryo ng lalawigan at ng 5th Bantayog Festival. - *LT IBASCO*

## DLC, CAT fancy drill...

(Mula sa pahina 8)
pumangalawa ito sa naturang paligsahan. Ang ikatlong puwesto at premyong P5,000.00 ay nasungkit naman ng *Saint John the Apostle Academy* ng bayan ng Labo.

Pawang preparado at mahuhusay ang mga kalahok kaya naging mahigpit ang kumpetisyon na nagpaningning sa selebrasyon dito ng ika-89 taong anibersaryo ng Camarines Norte at 5th Bantayog Festival simula Abril 1, 2009 hanggang Abril 15, 2009.

Ang mga nanalo sa kumpetisyon ay dumaan sa mabusising pagpili ng mga hurado na sina Major Danilo Martinez at Ruby T. Rayos ng *CNSC Laboratory School*, at Roland Sy Dolor, musical director ng Cathedral at CNSC Choral Group. Naging pinuno ng inampalan si Martinez.

Ang dalawang pangunahing pamantayan na ginamit nilang basehan sa pagpili ng mga nanalo ay ang music at visual and choreography na may bigat na 60% at 40%, ayon sa pagkakasunod. Ang una ay binubuo ng precision of drums at intonation na may bigat na tig-15%, at ang timing and cadence, balance and harmony at mastery of piece na may timbang na tig-10% o kabuuang 60%. Nahahati naman sa drill design, maneuvering, appropriateness of choreography at ensemble ang ikalawang pamantayan kung saan ang mga nabanggit ay may bigat na tig-10% o umaabot sa 40%.

Bilang karagdagan, nangibabaw ang Pambuhan National High School ng Brgy. Pambuhan ng bayan ng Mercedes sa mga sumali sa CAT Fancy Drill Competition nang tanghalin itong first prize winner at Best in Street Parade.

Samantala, ang nabanggit na mga kumpetisyon ay matagumpay na naisagawa ng pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng administrasyon ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa pamamagitan ng Provincial Tourism Office na siyang punong abala sa patimpalak. Ang Provincial Tourism Office ay pinamumunuan ni Edgardo 'Boy' Reyes bilang Provincial Tourism Officer-Designate. *LT IBASCO*

## Motorcycle enthusiasts ...

(Continued from page 5)
10%) na may kabuuang 100%.

Sa unang 2 araw ng naturang *motorshow*, isinagawa ang *preliminary judging* na kinabibilangan ng *free motorcycle check-up and tune up, motorcycle street display, basic troubleshooting, road signs* at *traffic seminar*. Nagkaroon din ng libreng *motorcycle test drive* at *product orientation* kung saan ang mga kalahok ay binigyan ng *giveaway* na *motor engine oil, t-shirt* at *stickers* na ipinagkaloob ng *Castrol*.

Ginanap naman noong Abril 5, 2009 sa Bagasbas *Beach*, Brgy. Bagasbas, Daet, Camarines Norte ang *final selection of winners*. Ito ay tinampukan ng *motorcycle beach display* kung saan ang mga nanood ay humanga sa magagarang motorsiklo na kasali sa paligsahan. Nasiyahan din ang lahat sa *motorshow* para *sa tricycle* at *solo model categories* kung saan ipinamalas ng mga kalahok ang kanilang husay sa pagdisenyo ng motor at pag-upgrade ng estilo ng motor. Ang *Castrol* ay namigay rin ng *giveaway* na *engine oil, t-shirt* at *stickers* sa mga kalahok.

Para makapagrelaks ang mga kalahok matapos ang 3-araw na paligsahan, isinagawa ang isang Gimik Damlagan-*Beer Plaza* sa *Governor's Resthouse* sa Bagasbas simula ika-8 ng gabi hanggang takipsilim. Pagod man, napapasabay rin sila sa paggalaw at pag-awit ng masisiglang awitin ng mga inimbitahang *live bands*. Aktibo rin silang sumali sa iba't-ibang *parlor games* sa naturang 'gimikan' kung saan nasiyahan din sila sa mga inihaing *'best pulutans'* at malalamig na inumin. ***LT IBASCO***

## Kapamilya...

(Mula sa pahina 3)
mga kababayan nang mabigyan sila ng pagkakataon na umakyat sa entablado at sumabay sa pagkanta at paggalaw ng mga Kapamilya *stars*.

Sa pagitan ng pagtatanghal ay nagkaroon ng mga patimpalak kung saan masigla at aktibong sumali ang ating mga kababayan. Kaugnay nito, sila ay pinagkalooban ng mga kaukulang papremyo ng *ABS-CBN*.

Matatandaan na isinasagawa ng iba't-ibang sangay ng *ABS-CBN* sa bansa ang Kapamilya *Caravan* sa layuning mailapit sa publiko ang mga bituin nito at mas tumatag ang relasyon nito sa mga kapamilya sa buong bansa. Ang naturang Kapamilya Caravan ay isinagawa sa Kalayaan Park, *Provincial Capitol Grounds*, Provincial Capitol, Daet,Camarines Norte.

Matapos ito, isinagawa naman ang Kapamilya Bingo na itinaguyod ng *Globe Telecommunications.* Kaya nakapag-relaks na ng libre, nanalo pa ang ilan nating mga kababayan na mapalad na nanalo sa naturang pa-bingo.

Ngunit hindi ito naging madali sapagkat kinabahan din sila sa bawat pagbola at pagtawag ng numero lalo na kapag sila ay may mga puro o isang numero na lang ang kailangan para manalo.

Ang Kapamilya *Caravan* ay nakarating dito sa Camarines Norte sa pamamagitan ng masugid na pakikipagugnayan ng *Provincial Tourism Office* dito sa pamumuno ni Mr. Edgardo 'Boy' Reyes, *provincial tourism officer-designate.* ***LT IBASCO***

## Mga paligsahan ...

(Mula sa pahina 1)
ng bansa na dumarayo pa rito.

Kaugnay nito, isinagawa rito ang iba't-ibang aktibidad kaugnay sa ika-89 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng lalawigan partikular na ang 2-araw na *surfing competition* noong Abril 4 at 5.

Umabot naman sa may anim (6) na grupo ang sumali sa *beach volleyball* at *invitational beach volleyball open* noong Abril 4 at 5. Pinangasiwaan ito nina Joey Cuerdo ng Powerplay katuwang ang *Provincial Tourism Office*, at *Camarines Norte Surfers Association.*

Naglagay naman ng *wall climbing facilities* sa tabing-dagat ng Bagasbas Beach kung saan idinaos ang *artficial rock climbing clinics* at *open difficulty competition*. Nakiisa rito ang humigit-kumulang 2,000 katao mula sa iba't-ibang lugar ng Pilipinas tulad ng Metro Manila, La Union, Zambales, at iba pa

Pinangunahan naman ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang *exhibition day* para sa *RC flying airplane competition* na isinagawa rin sa Bagasbas Beach simula Abril 8 hanggang 9.

Idinaos din sa katulad na lugar ang **Kaogmahan sa Bagasbas** na tinampukan ng iba't-ibang laro ng lahi, tulad ng palosebo, *tug-of-war*, *bring me*, *hitting the pot*, at iba pa. Nakisaya at sumali rin sa paligsahan ang ating mga kababayan gayundin ang mga turista at bakasyonista na nagtungo sa lalawigan para samantalahin ang mahabang bakasyon kasabay sa pag-obserba ng Semana Santa. ***LT IBASCO***



Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 10 DAET, CAMARINES NORTE ABRIL 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

## Civic-military parade, iba pa, tampok sa 89th CNorte founding anniversary, 5th Bantayog Festival



Basahin sa pahina 5

# Gob. Typoco sumali sa RC flying airplane exhibition



Naniniwala si Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. sa kasabihan na: *"All work and no play makes John a dull boy"*.

Dahil dito, naglalaan siya ng panahon para makapaglibang sa kabila ng kanyang mahigpit na iskedyul bilang ama ng lalawigan. Isa sa mga libangan niya ay ang pagpapalipad ng RC airplanes. Sa katunayan, nagmamay-ari siya ng humigit-kumulang 30 *RC airplanes* na may iba't-ibang kapasidad at disenyo.

Kaya nang isagawa sa Daet Airport, Brgy. Bagasbas, Daet, Camarines Norte ang 2-araw na *RC flying airplane competition and exhibition* kamakailan, dumalo ang gobernador at pinangunahan ang naturang eksibisyon.

Dumagsa sa *Bagasbas Beach* ang mga kababayan natin na sinaksihan ang nasabing paligsahan. Nalibang sila sa panonood sa makukulay na mga *RC airplanes* na pinalilipad sa himpapawid na tila mga ibon. Nangalay man ang leeg ng karamihan sa matagal na pagkakatingala dahil sa panonood, umuwi pa rin silang nasisiyahan.

Ito ay dahil sa iba't-ibang estilo sa pagpapalipad na ipinamalas sa kanila ng mga *RC airplane enthusiasts* na nagmula sa iba't-ibang panig ng bansa. Pinalipad nila nang mataas na mataas ang kani-kaniyang *RC airplanes* at saka biglang pinabulusok pababa at saka pinaikut-ikot sa gitna ng himpapawid na tila sumasayaw.

Ang nasabing paligsahan ay bahagi pa rin ng pagdiriwang dito ng ika-89 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Lalawigan ng Camarines Norte na ang mga gawain o aktibidad ay nakasentro sa *5th Bantayog Festival* at nasa ilalim ng temang: "Ang **T**urismo ay **O**portunidad at **Y**aman ng Camarines Norte". ***LT IBASCO***

# CNorte Grand festival parade at street dancing competition pinaningning ng makukulay na kasuotan ng mga kalahok

Sa kabila ng matinding init at ingay, nagtiyaga pa rin ang mga kababayan natin mula sa iba't-ibang panig ng lalawigan para saksihan lamang ang pinakatampok na kumpetisyon sa selebrasyon ng ika-89 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Camarines Norte na nakatuon sa *5th Bantayog Festival* - ang *Grand Street Festival Parade* at *Dancing Competition*. Ito ay isinagawa noong Abril 14, 2009 sa *Provincial Capitol Grounds.*

(Sundan sa pahina 6)



